



Mahalaga na ang lahat ay magkaroon ng tamang medikal na impormasyon upang magawa nila ang pinakamahasag na desisyon para sa kanilang mga sarili at kanilang mga pamilya tungkol sa pagpapabakuna sa COVID-19. Hindi palaging madaling lutasin kung anong impormasyon ang tama at ano ang mali. Kritikal ang tamang impormasyon sa bakuna at maaaring tumulong pahintuin ang mga haka-haka at tsismis. Maaaring mahirap malaman kung aling mga mapagkukunan ng impormasyon ang iyong mapagkakatiwalaan. Matutunan ang mga paraan sa [pagsisiyasat para sa maling impormasyon](#).

Kung ikaw ay nagpapasya pa tungkol sa bakuna sa COVID-19 o tumutulong sa isang kaibigan na nag-aalinlangan pa, bisitahin ang [mga mapagkakatiwalaang mapagkukunan](#) para sa pinakatamang impormasyon sa bakuna at tingnan ang mga katotohanan sa ibaba:

**Haka-haka #1: Masyadong mabilis ang pagkakagawa sa mga bakuna, at hindi alam kung ligtas ang mga ito.**

**Ang mga Katotohanan: Maaaring mabilis na ginawa ang mga bakuna at manatili pa ring ligtas sa ilang mga kadahilanan.**

- Ang mga siyentipiko (scientists) ay nagkaroon ng maagang panimula dahil napag-aralan na nila ang iba pang mga coronavirus tulad ng SARS at MERS. Napag-aralan na rin nila ang parehong mRNA at mga bakunang viral vector. Ito ay mga uri ng bakuna sa COVID-19 na ginagamit sa Estados Unidos.
- Nagbigay ang gobyerno ng maraming pera at mga mapagkukunan (resources) para sa pag-gawa ng bakuna. Nakapagpadali ito sa mga siyentipiko na makapagtrabaho nang sama-sama.
- Gumamit ang mga mananaliksik (researchers) ng mga umiiral na grupo (network) para magsagawa ng mga pagsubok sa bakuna sa COVID-19. Ang mga pagsubok ay maaaring mabilis na makapagsimula dahil sabik ang mga tao na makibahagi.
- Ang pagrerepaso at pagpayag sa mga bakuna sa COVID-19 ay binigyang prayoridad ng Food and Drug Administration (FDA) at ng Mga Sentro para sa Pagkontrol ng Sakit (Centers for Disease Control).
- Ang mga bakunang mRNA (ang mga bakunang Pfizer at Moderna) ay mas mabilis na gawin kaysa sa mga tradisyonal na bakuna.
- Ang ilan sa mga yugto sa pagbuo at paggawa ng mga bakuna ay ginawa nang sabay sa halip na magkasunod. Halimbawa, ang pagmamanupaktura ay nagsimula na habang ginagawa pa ang mga klinikal na pagsubok. Ang mahalaga ay ang bawat hakbang na dapat sundin sa paggawa ng isang bagong bakuna at pagsisiguro na ito ay ligtas ay nasunod. Walang mga hakbang ang nalaktawan.

**Haka-haka #2: Hindi sapat ang ating nalalaman tungkol sa mga pangmatagalang epekto.**

**Ang mga Katotohanan: Ang siyentipikong pag-uunawa kung paano gumagana ang mga bakuna ay nagsasabi sa atin na ang mga bakuna sa COVID-19 ay hindi magsasanhi ng mga pangmatagalang epekto.**

Batay sa kung ano ang aming nalalaman mula sa iba pang mga bakuna, ang anumang epekto (side effects) ay karaniwang nagsisimulang lumabas sa loob ng anim na linggo ng pagpapabakuna. Sa kadahilananang ito, ang Food and Drug Administration (FDA) ay nag-aatas na ang bawat isa sa mga bakuna sa COVID-19 na kanilang inaawtorisa ay mapag-aralan sa mga klinikal na pagsubok nang hindi bababa sa walong linggo. Dagdag pa rito, patuloy ang CDC sa lubos na pagsusubaybay sa mga bakuna sa COVID-19 pagkatapos na ang mga ito ay maawtorisahan o maaprubahan at ginagamit sa parami nang paraming tao. Isang taon na mula nang iawtorisa ang mga bakuna sa COVID-19 (at higit sa isang taon mula nang magsimula ang mga pagsubok sa bakuna). Bilyon-bilyong mga tao ang tumanggap na ng mga bakuna sa COVID-19 at walang mga pangmatagalang epekto ang naitala.

Samantala, nalalaman namin na ang virus na nagsasanhi ng COVID-19 ay maaaring magdulot ng ilang mga pangmatagalang epekto sa parehong mga matatanda at sa mga bata. Halimbawa, maaaring patuloy ang ilang tao sa pagkakaroon ng mga sintomas tulad ng pakiramdam ng pagkapagod, kahirapan sa pagtulog, pananakit ng ulo, at pangangapos ng hininga ng ilang buwan pagkatapos ng kanilang paunang impeksyon ng COVID-19, madalas na tinatawag na mahabang COVID-19, “post-COVID”, o pangmatagalang COVID o “long-haul COVID”. Ang post-COVID ay maaari pa ngang mangyari sa mga taong may banayad na mga paunang sintomas ng COVID-19 o sa mga taong wala talagang mga sintomas. Dagdag pa rito, isang





malubhang kondisyon na tinatawag na Multi-System Inflammatory Syndrome in Children (MIS-C) ay nakaapekto sa libo-libong mga bata ilang linggo pagkatapos ng kanilang paunang impeksyon, na humahantog sa pagpapahospital at pagkamatay. Ang pagpapabakuna ay nag-aalok ng proteksyon laban sa mga “pangmatagalang” epekto na ito ng virus.

May mas marami ka pang matututunan sa pagbisita sa webpage ng CDC na [Kaligtasan ng mga Bakuna sa COVID-19](#).

**Haka-haka #3: Ang mga bakuna ay may virus na nagsasanhi ng COVID-19 at maaari kang magkasakit.**

**Ang mga Katotohanan: Wala sa mga bakuna ang naglalaman ng virus na nagsasanhi ng COVID-19 sa anumang anyo. Hindi sila makapagbibigay sa iyo ng COVID-19.**

Kung magkakaroon ka ng COVID-19 pagkatapos mong mabakunahan, ito ay dahil sa nahawahan ka ng ibang taong may COVID-19 sa halos parehong oras na ikaw ay nabakunahan. Maaaring abutin nang hanggang 14 na araw bago magpakita ang mga sintomas pagkatapos mong mahawahan. Kaya’t kung ikaw ay nahawahan bago ka mabakunahan, maaaring hindi ka magkasakit hanggang pagkatapos mong mabakunahan.

Maaari ring mahawahan pagkatapos mong mabakunahan. Ito ay dahil inaabot ng ilang panahon ang iyong katawan na magbuo ng imyunidad. Kahit na napakaepektibo ang mga bakuna, walang bakuna ang 100% epektibo.

Minsan ang mga tao ay nagkakaroon ng lagnat o pakiramdam ng pagkapagod isa o dalawang araw pagkatapos mabakunahan. Ito ay mga normal na epekto ng bakuna, habang ang katawan ay nagbubuo ng imyunidad, at hindi sakit na sanhi ng virus. Hindi nagtatagal ang mga ito at nawawala sa loob ng ilang araw.

**Haka-haka #4 Kapag ang isang tao ay nagpabakuna sa COVID-19, nagsasanhi ito sa kanila na ilabas ang COVID-19 virus at hawahan ang mga taong nasa paligid.**

**Ang mga Katotohanan: Wala sa tatlong bakuna na pinayagan sa Estados Unidos (U.S.) ang naglalaman ng COVID-19 virus sa anumang anyo. Ang pagbabakuna ay hindi magsasanhi sa iyo na maglabas ng virus.**

Walang paraan na ang mga bakuna sa COVID-19 ay maaaring hawahan ang ibang tao ng virus na nagsasanhi ng COVID-19 o gawin silang nakakahawa. Ang pagpapadanak (shedding) ng bakuna ay maaari lamang mangyari kapag ang bakuna ay naglalaman ng isang pinahinang bersyon ng virus. Wala sa tatlong bakunang pinayagan sa Estados Unidos (U.S.) ang naglalaman ng COVID-19 virus sa anumang anyo. Walang virus na kanilang mailalabas. Ang pagkuha ng bakuna sa COVID-19 ay tumutulong pababain ang iyong tiyansa na mahawahan ng COVID-19. At kung hindi ka nahawahan ng COVID-19 virus, hindi mo ito mailalabas o maikakalat sa iba.

**Haka-haka #5: Ang mga bakunang ito ay gumagamit ng henetikong materyales upang labanan ang virus. Nangangahulugan ito na maaari nilang maapektuhan ang ating genes.**

**Ang mga Katotohanan: Ang mga bakunang ito ay gumagamit ng henetikong materyales na nagtuturo sa iyong katawan kung paano labanan ang virus. Ngunit hindi binabago ng henetikong materyales ang iyong genes.**

Ang DNA o RNA sa bakuna sa COVID-19 ay nagsasabi sa mga selula ng ating katawan kung paano bumuo ng bahagi ng malapakong protina (spike protein) na matatagpuan sa COVID-19 virus. Kailangan ang hakbang na ito para bumuo ng isang pagtugon ang sistema ng imyunidad ng ating katawan. Ang sistema ng imyunidad pagkatapos ay bumubuo ng panlaban ng katawan (antibodies) at inihahanda ang mga selula ng imyunidad (immune cells) na labanan ang COVID-19 virus kung tayo ay malalantad dito sa hinaharap.



Ang mga bakunang Pfizer at Moderna ay naglalaman ng mRNA (messenger RNA). Ang mRNA ay hindi kailanman pumapasok sa pinakasentrong loob (nucleus) ng selula kung saan matatagpuan ang ating DNA kaya't hindi nito mababago ang ating DNA. Ang bakunang J&J ay isang adenovirus na bakuna na naglalaman ng DNA. Ang adenovirus na bakuna ay gumagamit ng isang virus na binago na nang sa gayon ay hindi tayo magkakasakit, at hindi ito nakapagpaparami. Ang DNA sa bakuna ay hindi hahalo sa ating DNA (o mga kromosoma) dahil ang bakuna ay walang ensaym [enzyme] (tinatawag na integrase) na nagkokonekta sa DNA ng sama-sama.

**Haka-haka #6: Ang mga bakuna ay naglalaman ng microchip na ginagamit upang subaybayan ang aking mga kinikilos.**

**Ang mga Katotohanan: Walang mga microchip o anumang uri ng aparatong pangsubaybay sa mga bakuna sa COVID-19.**

Ang karayom na ginagamit sa pagbakuna sa COVID-19 ay higit na mas maliit kaysa sa pinakamaliit na microchip. Nagsimula ang haka-hakang ito sa sosyal midya (social media) at inihahayag na ang tagapagtatag ng Microsoft na si Bill Gates ay gustong subaybayan ang mga tao sa pamamagitan ng pagtanim sa kanila ng mga microchip. Nakapagsabi na ang Bill and Melinda Gates Foundation na ang pahayag na ito ay [huwad](#). Tulad ng maraming mga haka-haka online, ang kuwentong ito ay mahirap itigil kahit na naipakita nang paulit-ulit na ito ay huwad.

**Haka-haka #7: Ang karayom ay naiwan sa iyong braso pagkatapos mong mabakunahan.**

**Ang mga Katotohanan: Hindi naiwan sa iyong braso ang karayom pagkatapos na mabakunahan. Ang karayom ay “nawawala” dahil ito ay umuuring sa hiringgilya o safety chamber pagkatapos ng pag-iniksyon.**

Maaaring nakakita ka ng isang video na tila nagpapakita na ang karayom ay naiwan sa loob ng braso ng isang tao pagkatapos na mabakunahan. Ang aktwal na nakikita mo ay ang paggana ng isang umuuring na karayom. Ang [mga hiringgilya na may umuuring na karayom](#) ay gumagana sa pamamagitan ng paghila ng karayom papasok sa lagusan (barrel) ng hiringgilya, o sa seksyong ligtas (safety chamber) sa bahagi ng hiringgilya, pagkatapos na ibigay ang bakuna. Ginagamit ng mga manggagawa sa pangangalagang pangkalusugan ang mga uri ng hiringgilyang ito upang maiwasang matusok ng karayom.

Ang mga karayom na ginagamit para sa mga bakuna sa COVID-19 ay napakanipis at ang dami ng bakuna ay napakaunti. Dahil sa ang karayom at dosis ay napakaliit, maaaring hindi mo maramdaman ang karayom o ang bakuna na pumapasok sa iyong braso. Bago ka bakunahan, makikita mo ang malinaw na likido sa loob ng hiringgilya sa dulo nito. Pagkatapos na mabakunahan, makikita mo na wala ng likidong natitira at ang karayom ay nasa loob ng seksyong ligtas (o safety chamber).

**Haka-haka #8: Ang “pagsusuring magnet” ay patunay na ang isang microchip o karayom ay naiwan sa iyong braso pagkatapos mong mabakunahan.**

**Ang mga Katotohanan: Isa lamang itong paglalansi (trick) na nilalayong lokohin ka.**

May mga bidyo (video) sa sosyal midya (social media) na nagpapakita ng mga magnet na dumidikit sa mga braso ng tao kung saan sila nagpabakuna. Ito ay para subukang patunayan na ang mga bakuna ay naglalaman ng mga microchip o isang karayom ang naiwan. Isa lamang itong paglalansi (trick).

Madaling idikit sa balat ang mga magnet gamit ang isang teyp o pamahid. Kahit na ang mariing pagdidiin ng isang magnet o barya sa iyong balat ay makapagpapadikit dito. Dagdag pa, ang dami ng mga bakal (metal) na kailangan upang dumikit ang isang magnet ay napakalaki para magkasya sa karayom na ginagamit upang magbigay ng bakuna sa COVID-19.

**Haka-haka #9: Hindi mo mapagkakatiwalaan ang mga taong gumawa ng mga bakunang ito. Ang “Malaking Parmasyutiko” (Big Pharma) ay gumagawa lamang ng pera at nagbabayad sa mga doktor para sabihing ligtas ang kanilang mga produkto.**



Ang mga Katotohanan: Ang proseso sa pagbuo ng mga bakunang ito ay naging malinaw. Maraming impormasyon at datos ang magagamit ng mga independyenteng syentipiko at publiko higit kailanman.

Habang may mga teribleng halimbawa ng mga kumpanya ng gamot na inuuna ang kita bago ang kaligtasan, ang pagbuo sa mga bakunang ito ay isinagawa sa harap ng mata ng publiko. Ang mga pagsusuri sa kaligtasan at pagiging mabisa (isang terminong ginagamit para ipakahulugan na gumagana ang mga bakuna) ng bakuna ay nailathala na para basahin ninuman.

Ang mga taong sumusuri sa pagsasaliksik ay kinabibilangan ng mga medikal na pinuno mula sa iba't ibang kapaligiran sa buong bansa. Kinakatawan nila ang malawak na saklaw ng medikal na grupo, kabilang ang ilan na lubusang nakipaglaban kontra sa medikal na kapootang panlahi (racism). Hindi sila binabayaran sa trabahong ito at napabilang upang patunayan ang kalidad ng pananaliksik at siguraduhin na ang katarungan (equity) ay napoprotektahan sa buong proseso. Para sa listahan ng mga tagarepaso at mga lugar na kanilang napagtrabahuan, bisitahin ang [website](#) ng Advisory Committee on Immunization Practices (ACIP). Matututunan mo ang higit pa tungkol sa mga taong ito sa pamamagitan ng pagtingin sa kanila online. Maaari mo ring panoorin ang ilan sa mga pagpupulong ng ACIP online.

**Haka-haka #10: Ang mga komunidad ng Itim (Black) at Latino (Latinx) ay siyang pinupuntirya na magpabakuna dahil wala namang totoong patunay na ito ay ligtas.**

Ang mga Katotohanan: Hindi pinupuntirya ang mga komunidad ng Itim at Latino. Ngunit sila ay hinihikayat na magpabakuna dahil sila ay may mas mataas na bilang ng impeksyon, pagpapahospital, at kamatayan mula sa COVID-19.

Ang pagkabahalang ito ay kauna-unawa. Sa nakaraan, ang mga taong may kulay ay pinagsinungalingan o pinuwersang sumubok ng mga gamot o medikal na pamamaraan sa ilalim ng mga hindi etikal na kasanayan, na naglalagay sa panganib ng kanilang kalusugan.

Ang tatlong bakuna na magagamit sa Estados Unidos (U.S.) ay sinubukan sa iba't ibang populasyon. Gumawa ng mga pagsisikap na ibilang ang marami sa mga boluntaryong Itim (Black) at Latino (Latinx) na sumasalamin sa populasyon. Ginawa ito upang siguruhin na ligtas at mabisa ang mga bakuna sa mga grupong iyon. Ginawa rin ito upang mapigilan na maging biktima ang mga grupong ito ng medikal na kapabayaang o kapootang panlahi (racism).

Ang mga programa ng mga doktor at pampublikong kalusugan ay nagtatrabaho nang maigi upang siguruhin na ang komunidad ng Itim at Latino ay may pantay-pantay na akses sa mga bakuna sa COVID-19. Ang mga residenteng Itim at Latino, kasama ang mga katutubong Amerikano at Hawayano (Hawaiians), ay nakakaranas ng pinakamatataas na bilang ng impeksyon, pagpapahospital at pagkamatay mula sa COVID-19. Yan ang dahilan kung bakit maaaring nakakakita ka ng mga paskil (billboard) o nakakarinig ng mga patalastas na hinihikayat ang mga komunidad na ito na magpabakuna.

Gusto ng LA County na ang pinakamatitinding tinatamaang mga komunidad na ito ay magkaroon ng oportunidad na mabakunahan sa lalong madaling panahon na posible. Ang nakataya (stake) para sa mga residenteng Itim at Latino ng LA ay mataas. Mangyaring basahin ang makakaya mo tungkol sa mga bakuna mula sa mga mapagkakatiwalaang mapagkukunan. Makipag-usap sa mga taong may mabuting kaalaman na pinagkakatiwalaan mo – ang iyong doktor, guro ng agham, o parmasyutiko – at tanungin sila ng iyong mga katanungan at pagkabahala. Ang iyong mga tanong ay mahalaga at karapat-dapat na may kasagutan mula sa mga may kaalaman at pinagkakatiwalaang indibidwal.

**Haka-haka #11: Hindi ko na kailangan ng bakuna kung nagkaroon na ako ng COVID-19.**

Ang mga Katotohanan: Inirerekomenda ng mga doktor at siyentipiko na ikaw ay mabakunahan kahit ikaw ay nagkaroon na ng COVID-19. Ito ay dahil sa ang bakuna ay nagbibigay ng mas mahusay at mas matagal na proteksyon.





Ang likas na imyunidad ay ang proteksyon na iyong nakukuha pagkatapos mong magkaroon ng COVID-19. Ang pagpapabakuna ay nakapagpapalakas ng iyong imyunidad para sa mas mahusay at mas matagal na proteksyon laban sa COVID-19. Sa katunayan, napag-alaman ng isang kamakailang pag-aaral na ang mga taong hindi pa nabakunahan ay higit sa dalawang beses na malamang na muling mahawahan kumpara sa mga taong nabakunahan na. Tumutulong rin ang pagpapabakuna sa pagprotekta laban sa mga mas nakakahawang klase ng virus tulad ng baryanteng Delta na maaaring wala pa noong una kang nahawahan. Ang pagpapabakuna ay pinapababa ang iyong mga tiyansa ng pagkakaroon muli ng COVID-19.

**Haka-haka #12: Ang mga bakuna sa COVID-19 ay naglalaman ng mga ipinalaglag na selula ng nabubuong sanggol (fetal cells). Hindi ko inaaaprubahan ang pagpapalaglag. Hindi tama ang mabakunahan dahil ang mga bakuna ay naglalaman ng mga ipinalaglag na selula ng nabubuong sanggol.**

**Ang mga Katotohanan: Wala sa mga bakunang pinayagan sa Estados Unidos ang naglalaman ng anumang mga selula o tisyu (tissue) ng nabubuong sanggol.**

Mga linyada ng selula ng nabubuong sanggol na gawa sa mga laboratoryo mula sa mga selula sa 2 pagpapalaglag (abortions) na ginawa noong 1973 at 1985 ang ginamit sa pagbuo, pagsusuri, o paggawa ng mga bakuna sa COVID-19. Wala sa mga selula ng nabubuong sanggol na ginamit ang nanggaling mula sa kamakailang pagpapalaglag o mula sa pagpapalaglag na ginawa para sa tanging layunin ng pagbuo ng bakuna.

- Ang **Pfizer at Moderna** ay hindi gumamit ng anumang mga linyada ng selula ng nabubuong sanggol upang buuin o gawin ang kanilang mga bakuna sa COVID-19. Tunay namang gumamit sila ng isang linyada ng selula ng nabubuong sanggol sa mga pagsusuri (testing) sa laboratoryo, bago nila sinubukan sa mga tao ang bakuna.
- Ang **Johnson & Johnson** ay gumamit ng linyada ng selula ng nabubuong sanggol upang buuin at suriin ang kanilang bakuna sa COVID-19. Ginamit rin nila ito para sa paggawa ng bakuna.
- Ang Simbahang Katolika ay sinuri ang paggamit ng mga selula ng nabubuong sanggol para sa layunin ng paggawa ng bakuna sa COVID-19. Nagpahayag ito na “moral na katanggap-tanggap ang tumanggap ng mga bakuna sa COVID-19 na gumamit ng mga linyada ng selula mula sa inilaglag na nabubuong sanggol sa kanilang proseso ng pananaliksik at paggawa.”

Kung ang isyung ito ay nakababahala para sa iyo, repasuhin nang maingat ang dokumentong [Bakuna sa COVID-19 at mga Linyada ng Selula ng Nabubuong Sanggol](#) upang ikaw ay makagawa ng isang may kaalamang pagpapasya tungkol sa pagpapabakuna.

**Haka-haka #13: Hindi namin alam kung ano ang mayroon sa mga bakuna sa COVID-19**

**Ang mga Katotohanan: Ang mga sangkap ng bakuna ay nariyan para makita ng lahat**

Ang mga sangkap na 3 bakuna na magagamit sa Estados Unidos (U.S.) ay iba-iba ayon sa tagapagmanupaktura. Ang mga listahan ng sangkap para sa bawat bakuna ay nasa appendix C ng webpage na [Mga Pansamantalang Klinikang Pagsasaalang-alang para sa Paggamit ng mga Bakuna sa COVID-19 ng CDC](#). Maliban sa henetikong materyales upang pasiglahin ang iyong sistema ng imyunidad, ang mga sangkap ay medyo pangkaraniwan lamang. Ang ilan sa mga sangkap ay may siyentipikong pangalang kemikal, ngunit kung hahanapin mo sila, malalaman mo na ang mga ito ay mga asin, asukal, at taba. Ligas ang mga ito maliban na lamang kung ikaw ay alerdyik sa anuman sa mga sangkap.

Wala sa mga bakuna na magagamit sa Estados Unidos (U.S.) ang naglalaman ng mga itlog, gelatin, latex, o mga pampreserba. Wala silang mga metal tulad ng bakal, nikel, kobalt, lityum, at bihirang mga panglupang alloy. Hindi rin naglalaman ang mga bakunang ito ng anumang minapakturang produkto tulad ng microelectronics, electrodes, carbon nanotubes, o nanowire semiconductors.

**Haka-haka #14: VAERS, ang Vaccine Adverse Event Reporting System, ay nagpapakita na libo-libong mga tao, kabilang ang mga bata, ang namatay na mula sa bakuna sa COVID-19**





Ang mga Katotohanan: Ang tanging ulat ng VAERS ay hindi maaari at hindi dapat gamitin upang tukuyin kung ang isang bakuna ay nagsasanhi ng masamang kaganapan. Ang malulubhang masamang kaganapan pagkatapos ng pagpapabakuna sa COVID-19 ay maaaring maganap ngunit bibihira. Walang mga kumpirmadong pagkamatay sa mga bata na sanhi ng bakuna sa COVID-19. Sa paghahambing, daan-daang mga bata ang namatay na mula sa impeksyon ng COVID-19.

May kalituhan tungkol sa bilang ng mga napaulat na pagkamatay sa pampublikong magagamit na datos mula sa VAERS. Maling ipinakahulugan ng mga tao ang mga ulat ng pagkamatay mula sa VAERS bilang mga kamatayan na sanhi ng bakuna. Yan ay hindi tama. Ang VAERS ay tinatanggap ang lahat ng mga ulat ng masamang kaganapan sa kalusugan kasunod ng pagpapabakuna. Sinuman ay maaaring magsumite ng isang [ulat sa VAERS](#), kabilang ang mga miyembro ng publiko. Nag-uulat ang ilan sa VAERS na kumakatawan sa mga tunay na reaksyon sa bakuna. Ang iba ay hindi sinasadyang mga salungat na kagapanan sa kalusugan at walang kinalaman sa pagpapabakuna. Halimbawa, kung ang isang tao ay namatay sa isang aksidente ilang araw pagkatapos mabakunahan, maaaring ito ay iulat sa VAERS. Sa VAERS, ang pagkamatay ay tila magmumukhang pangyayari na may kinalaman sa bakuna dahil nangyari ito pagkatapos na ang tao ay nabakunahan bagaman marahil na ito ay walang kinalaman sa bakuna. Ang ilang mga ulat ay maaaring maglaman ng impormasyon na hindi kumpleto, hindi tama, nagkataon lamang, hindi napapatunayan, o huwad o bogus pa nga.

Upang matuto pa ang tungkol sa mga limitasyon ng datos ng VAERS, bisitahin ang CDC [webpage ng VAERS](#) o panoorin ang video na [VAERS at Kaligtasan ng Bakuna: Paano Ito Gumagana](#).

Para sa mas marami pang impormasyon sa kaligtasan ng bakuna, bisitahin ang CDC [Kaligtasan ng mga Bakuna sa COVID-19](#) na webpage.

### Mga Karagdagang Mapagkukunan

Para sa iba pang mga pagsisiwalat sa mga haka-haka, bisitahin ang:

- CDC: [Mga Haka-haka at Katotohanan tungkol sa mga Bakuna sa COVID-19](#) at [Mga Haka-haka at Katotohanan tungkol sa mga Bakuna sa COVID-19 para sa mga Bata](#)
- Children' Hospital of Philadelphia: [COVIDVaccineAnswers.org](#)
- Johns Hopkins: [Mga Bakuna sa COVID-19: Haka-haka Laban sa Katotohanan](#)
- FactCheck.org: [Mga Maling Akala sa COVID-19](#)